U.S. Citizenship and Immigration Services
*Tanggapan ng Komunikasyon*

# Mga Dapat Malaman

Ika-12 ng Mayo 2010

## Ang Iyong Guide sa InfoPass

Ang InfoPass ay isang libreng serbisyo na magagamit upang mag-iskedyul ng isang appointment sa isang U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS) Immigration Officer sa pamamagitan ng paggamit ng Internet kahit anong oras sa umaga o gabi. Kung mayroon kang problema sa imigrasyon na pinakamaiging maaasikaso ng isang trained USCIS Immigration Officer, pahihintulutan ka ng InfoPass na iskedyul ang iyong appointment sa halip na hilingin ito nang personal sa tanggapan ng USCIS malapit sa iyo.

**Paano mapapadali ng InfoPass ang iyong buhay?**

- Libre ito: Wala kang babayaran upang mag-iskedyul ng iyong appointment;
- Maginhawa ito: Gawin ang iyong appointment sa pamamagitan ng Internet (mula sa iyong laptop sa bahay, o sa computer sa public library na malapit sa iyo);
- Madali itong gawin: Pumili ng isa sa 12 wika na nais mong gamitin:
    - Piliin ang “Mag-appointment”;
    - I-type ang iyong mailing address Zip code (upang maibigay sa iyo ng InfoPass ang tamang tanggapan);
    - Piliin ang uri ng appointment na kailangan mo upang lutasin ang iyong problema (laging mahalaga);
    - Ibigay ang iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, Zip code at telepono;
    - Pumili ng isang petsa at oras para sa iyong appointment (kung wala kang makitang maiging oras, magbalik-balik sa InfoPass – may mga bagong appointment na mapipili bawat araw ng trabaho); at
- Kapag lumabas ang paunawa ng appointment sa iyong computer screen (kung saan ipinapakita ang oras, araw at lugar ng iyong appointment), i-print ito upang ipakita sa iyong InfoPass appointment.

**Paano i-access ang InfoPass upang mag-appointment?**

Upang gamitin ang InfoPass, kakailanganin mo ang:

- Isang computer na may koneksyon sa Internet;
- Internet Explorer 4.0 o mas mataas, Netscape 4.0 o mas mataas o anumang ibang kaparehong browser.

**Anong mga dokumento ang dapat mong dalhin sa appointment?**

Mahalagang-mahalaga ang seksyon na ito; basahin ito nang maigi. Upang lutasin ang iyong problema o tanong, kailangan mong dalhin ang mga dokumento ukol sa problema at na nagpapaliwanag dito. Ang ilan sa mga dokumento na kailangan mong dalhin ay:

- Printout ng kompirmasyon ng paunawa ng appointment sa InfoPass;

- ID mula sa gobyerno. Ito ay maaaring alinman sa mga sumusunod:
    - ID mula sa gobyerno na may retrato,
    - pasaporte,
    - balidong lisensiya sa pagmamaneho,
    - Employment Authorization Document, o kaya Pormularyo I-551, Permanent Resident Card (‘green card”)
    - Pormularyo I-94, Arrival-Departure Record; **paunawa**: kung ang iyong Pormularyo I-94 ay walang nakakabit na retrato mo, kailangang magsama ng isang pasaporte o balidong lisensiya sa pagmamaneho bilang karagdagang ID.
- Lahat ng mga pormularyo ng imigrasyon, mga paunawa ng pagtanggap, mga sulat ng pagtanggap o pagtanggi, mga pagsasalin at mga orihinal na dokumento na may kinalaman sa iyong tanong.

**Paano kung kailangan mong iskedyul muli ang appointment?**

- Pinahihintulutan ka ng InfoPass na kanselahin o iskedyul muli ang mga appointment sa pamamagitan ng paggamit ng mga ID number sa ibabâ ng iyong naka-print na paunawa ng kompirmasyon ng appointment.
- Upang pahintulutan kaming pagsilbihan ang pinakamaraming customer na maaari, mangyaring kanselahin ang iyong appointment kung hindi ka makakapunta sa itinakdang panahon. Walang multa sa pag-iskedyul muli o pagkansela sa isang appointment
- Kung naiwala mo ang iyong paunawa ng appointment, maaari kang mag-print ng kapalit sa pamamagitan ng pag-access sa InfoPass at pagpasok sa impormasyon na hinihiling.

**Paano kung ordinaryo lamang ang nais kong itanong?**

Para sa mga rutinang bagay, tulad ng [ilagay dito ang mga halimbawa na nakalagay sa ibabâ], hindi mo kailangang makipagkita nang personal sa mga opisyal ng USCIS. Ang mga rutinang katanungan ay maaaring sagutin nang madali at mabilis sa telepono o sa Internet:

- Mga pormularyo – Ang lahat ng mga pormularyo sa imigrasyon ay libre at maaaring i-download mula sa www.uscis.gov. Maaari mo ring tawagan ang aming National Customer Service Center (NCSC) sa 1-800-375-5283 at hilinging magpadala sa iyo ng pormularyo sa mail.
- Case Status – Para sa status ng isang kaso na naka-file sa isang USCIS Service Center, magpunta sa www.uscis.gov at piliin ang “Itsek ang Aking Case Status” sa ilalim ng “Customer Tools” sa kanan ng home page. Gamit ang iyong Service Center receipt number, ipasok ang tatlong letra at sundan ng 10 numero (walang mga space o dash).
- Mag-renew o Palitan ang isang Permanent Resident Card – Ang pormularyo na kailangan mo ay ang Form I-90, Aplikasyon upang Palitan ang Permanent Resident Card. Magpunta sa www.uscis.gov at piliin ang “Mga Pormularyo” sa kaliwang sulok sa ibabaw, at mag-scroll pababa papuntang I-90.
- Pahintulot na Magtrabaho – Upang mag-aplay o mag-renew ng pahintulot na magtrabaho, kailangan mo ang Form I-765, ang Aplikasyon para sa Pahintulot na Magtrabaho. Magpunta sa www.uscis.gov at piliin ang “Mga Pormularyo” sa kaliwang sulok sa ibabaw, at mag-scroll pababa papuntang I-765.

Para sa pangkalahatang impormasyon, hindi na kailangan magbiyahe – tumawag sa NCSC sa 1-800-375-5283 mula sa iyong tahanan upang malaman kung masasagot muna namin ang iyong mga katanungan!

– USCIS –